A decorative wreath frame made of intricate black scrollwork and floral patterns, surrounding the text "CHAPTER 1".

CHAPTER 1

Kabadong itinulak ni Alie Barrameda ang luggage cart na puno ng mga gamit niya palabas ng Arrivals area ng *Ninoy Aquino International Airport*. Halo kasi ang nadarama niya. Masaya siyang nasa Pilipinas na siyang muli pero disappointed din dahil... nasa Pilipinas na siyang muli.

Dalawang taong nag-OFW si Alie sa South Korea kung saan siya nagtrabaho bilang chambermaid sa isang hotel sa Seoul. Mahirap ang trabaho at mahaba ang oras pero pinagtiisan iyon ng dalaga dahil malaki ang sahod. Isa pa, nasa South Korea siya kung saan abot-kamay niya ang mga K-pop idols niya na dati ay napapanood lang niya sa mga music videos. Noong nasa Seoul siya, naranasan niyang makiwagayway ng lightstick sa actual concerts at makikanta sa mga awiting sa wakas ay naiintindihan na niya dahil natuto na siyang mag-Hangeul.

Minsan ding nag-shooting sa hotel nila ang paborito niyang Korean actor. Akala ni Alie ay ikamamatay niya nang ngitian siya nito dahil hindi niya sinasadyang sigawan ang lalaki ng “Saranghae!”

Pero wala na, tapos na iyon. Dahil hindi na ni-renew ng atribida niyang amo ang kontrata niya. Ang choice lang ni Alie ay ang umuwi muna o manatili sa Korea na walang trabaho. At dahil may balak siyang bumalik, ayaw niyang may pangit siyang record o ilegal siyang nasa bansang itinuring na niyang second home.

Disappointed lang talaga siya dahil asang-asa siya na magtatagal siya sa hotel na pinagtatrabahuhan at matapos ang two years niyang tagalinis ay mapo-promote na siya gaya ng inaasahan dahil sa ganda ng record niya.

Inihinto ni Alie ang cart at tiningnan ang kanyang telepono. Ka-text kasi niya ang kaibigan at kababata na si Andrew Lee. Si *Kuya* Andrew, actually. Napakiusapan daw ito ng nanay nito na ito na lang ang susundo kay Alie sa airport para hindi na lumuwas ang pamilya niya at maasikaso na lang ang kainan sa bahay nila mamaya.

Okay lang iyon kay Alie para hindi na nga mapagod ang papang niya. Saka mas mahalaga sa kanya na may datnan siyang pagkain sa bahay kaysa ang sunduin pa siya ng mga ito.

Mahirap ipaliwanag ang relasyon nilang dalawa

ni Kuya Andrew. Kabarkada kasi ito ng Kuya Onad niya kaya medyo malapit sila pero anak din ito ng boss ng papang ni Alie kaya nandoon pa rin iyong pagkakaiba sa mga estado nila sa buhay. Huwag na muna niyang banggitin na medyo may kaunti siyang crush sa lalaki.

Ayon sa text nito, maghintay daw siya ng isang itim na SUV. Ibinigay rin nito ang plate number niyon sa kanya. Itinulak niya ang salamin pataas sa ilong niya at sinipat ang mga plaka ng mga paparating na sasakyan.

Nang makita ang SUV, ngumiti na siya kahit hindi pa nakikita ang driver. Huminto iyon sa harapan niya at sinimulan niyang itulak ang cart pero bigla siyang napahinto at napakapit sa handle niyon nang bumukas ang pinto ng sasakyan.

Parang model sa commercial ng SUVs ang bumaba na para ring slowmotion.

Noong mga teenagers sila, si Kuya Andrew iyong tipikal na crush ng mga kolehiyala. Matangkad, cute, chinito, maganda ngumiti, may dimple. Pero hindi iyon ang dahilan kung bakit ito crush ni Alie. Hindi naman siya mababaw na katawan lang ang gusto niya kahit pa, oo, gusto talaga niya ang katawan nito. Pero mabait din kasi ang lalaki. Mabait itong anak, kapatid at kaibigan. Maalaga ito, thoughtful at gentleman. Saka lagi siya nitong pinapatawa.

Fourteen siya noong nagkaroon ng malisya ang

crush niya rito. Minsan kasi silang sama-samang nag-swimming sa sapa na magkakabarkada at nakatingin siya rito nang bigla naman kasi itong nagpadibid!

Nagtanggal ito ng T-shirt para i-expose sa inosente pa niyang paningin ang bagong mga muscles na napatubo nito matapos ang isang summer kung kailan naging katu-katulong itong magtanim, mag-ani, magbuhat-buhat at mag-alaga ng mga hayop sa farm ng pamilya nito. Maging ang likod nito eh maskulado na!

Noon talaga nadama ni Alie ang pagdadalaga niya!

Mas hot pa ito ngayon kaysa noong matagal na summer na iyon. Nakahabol na sa tangkad ng lalaki ang muscles nito na halata kahit pa simpleng puting T-shirt at jeans lang ang suot nito ngayon. Guwapo pa rin itong chinito pero mas mature na ang mukha, mas guwapo. At nang ngumiti ang lalaki sa kanya, lumitaw ang dimple nito.

*Huwag ka ngang ngingiti-ngiti nang ganyan!
Halikan kita eh!*

At buti na lang marunong na siyang mag-control at hindi na biglang lumalabas sa bibig niya ang mga naiisip niya.

“Hi!” Lumapit na si Andrew para tulungan siyang isakay ang bagahe niya. Kinailangan niyang tumingala dahil parang mas tumangkad pa ito kaysa

noong huli silang magkita kahit pa alam niyang imposible iyon. Siguro nalimutan lang niya kung gaano ito katangkad.

Kinailangan niyang tumikhim at lumunok bago makapagsalita. “Hi, Kuya!”

“Ang dami nito ah. Meron ba kong pasalubong dito?” biro nito habang isinasakay ang mga bagahe sa likod ng SUV.

“Siyempre naman!”

Nginitian lang siya nitong muli.

Nagkaroon na naman ng mahalay na mga kaisipan si Alie rito. Iyon ang hindi niya ma-control dahil talaga namang nang-aakit ang dimple nito! Magkakasala naman kahit madre! Relihiyosa si Alie pero hindi siya ganoon kabanal!

Nang maisakay nilang lahat ang mga gamit niya, pinagbuksan na siya ni Andrew ng pinto bago ito lumibot papunta sa driver’s side at sumakay na rin ng SUV.

Nang isara nito ang pinto at na-mute ang mga tunog at ang mga ilaw mula sa labas, pakiramdam niya ay naiwan sila ni Andrew sa sarili nilang mundo gaya noong minsang sumilong sila sa isang kubo sa gitna ng taniman ng mga gulay dahil inabot sila ng malakas na ulan noong mga teenagers sila.

Sa sandaling iyon, inamin niyang sa lahat ng mga na-miss niya sa Pilipinas, isa si Andrew sa pinakagusto niyang halikan. Ay, ano raw? Balikan

pala. *Balikan!*

Nginitian siya nito habang ikinakabit nilang dalawa ang mga seatbelts nila. “*Anyeonghasaeyo!*” masayahin nitong bati na nagpatawa sa kanya.

“Gaano katagal n’yo pinag-aralan ‘yan?” biro niya.

“Mga three minutes lang naman.”

“Kapag sinabi n’yo ‘yan sa ibang tao, pagkakamalan kang totoong Korean dahil sa itsura n’yo.”

“Puwede naman. Ako kunyari si Lee An Drew.”

Muling tumawa si Alie. Cute pa rin talaga ang mokong kahit pa tinubuan na ito ng tipak-tipak na muscles.

“Kumusta ang Seoul?” tanong muli ng lalaki habang papalabas sila ng airport.

“Okay lang. Malamig.” Pinagmasdan niya ang mga dinaraan nila at sinubukang alalahanin kung alin ang mga bago at alin ang mga dati nang tanawin.

“Kumusta ang trabaho mo d’un?”

“Ayon, Kuya. Wala na.”

“Ha? Bakit? Ano’ng nangyari?”

Malungkot siyang bumuntong-hininga. “Hindi ni-renew ng amo ko ‘yung kontrata ko eh.”

“Bakit?”

“Nalaman kasi niyang nililigawan ako ng anak niya.”

“Ano?” bulalas ni Andrew sa gulat na napaligon

pa sa kanya.

Natawa si Alie. “To namang si Kuya! Gulat na gulat lang? Mukha ba akong hindi naliligawan?”

“Hindi sa gan’un!” tawa na rin ito. “Nagulat ako kasi hindi ni-renew ang kontrata mo dahil d’un, hindi dahil may nanliligaw sa ‘yo, ano ka ba!”

“Akala ko naman nagulat kang may nanliligaw pala sa ‘kin!” biro niya.

“Ano’ng nangyari? Bakit gan’un?”

“Ang haba kasi ng hair ko, Kuya,” paliwanag niya. “Yung amo ko kasing babae, may pagka-racist. Okay lang sa kanya kapag katulad naming Filipina eh mga chambermaid, mga nasa laundry, nasa kusina, pero ayaw niya na nakikipaglapit sa ‘min ‘yung mga anak niya. Gusto n’un, Korean lang. Eh ‘yun. Nalaman niyang nanligaw sa ‘kin ‘yung panganay niya. Hindi na ni-renew ‘yung kontrata ko.”

“Hindi mo ba puwedeng ireklamo ‘yun?” kunot-noo nitong tanong.

“Hindi na, Kuya. Una, bansa nila ‘yun. Ikalawa, parang ayoko na rin naman nang magtrabaho sa kanya kung gan’un lang pala ang kalakaran! Kaya eto, umuwi muna ako saglit. Pero maghahanap naman ako ulit ng ibang trabaho d’un. Gusto ko kasi talaga d’un eh. Pero ngayon, susubukan ko nang management position na ang pasukan.”

“Oo nga. Di ba hotel management ang course mo n’ung college? Naaalala kong ayaw ni Onad n’un na

pumasok kang chambermaid kasi nga sayang daw ‘yung course mo.”

“Opo. Eh pumayag lang naman akong mag-chambermaid kasi akala ko talaga pagkatapos nito, mapo-promote ako. Saka gan’un naman kapag OFW, di ba? Kahit doktor ka dito sa Pilipinas, papayag kang pumasok na nurse sa America kung gusto mo talagang magtrabaho d’un.”

“Sabagay.” Sinulyapan siyang muli ni Andrew. “So babalik ka ulit ng Seoul?”

“Magpahinga raw po muna ako s’abi ni Pang. Pag naghanap ako ulit ng trabaho, sana sa Busan naman. Eh kayo, Kuya? Balita ko successful na raw ‘yung business n’yo nina Kuya Dennis ah.”

Nilingon siya nito at binigyan ng isang maliit na ngiting nagpakita ng dimple nito. “Medyo.”

“Tong si Kuya! Pa-humble ka pa!” kanyaw niya na may suntok pa sa braso nito.

“Aray ko naman!” tawa ni Andrew.

Hindi lang kasi nababalitaan ni Alie ang website ng magkakapatid sa sarili niyang mga kamag-anak at kaibigan kundi maging sa mga katrabaho niya sa hotel na naghahanap ng ikalawang trabaho online. Okay din naman daw ang kita ng online work kung gusto ng extra na pera.

Minsang sinilip ni Alie ang website. Ikinatuwa talaga niyang malaman na mga kababayan—at mga kababata pa niya—ang mga nagtatag sa negosyong

iyon na sumisikat na sa buong mundo.

Pinag-usapan din nila ang mga pamilya nila.

Bunso si Kuya Andrew sa tatlong magkakapatid samantalang ikalawa naman sa lima si Alie. Ang kabarkada nga nito ay ang Kuya Donald—si Kuya Onad—niya.

Hindi napigilan ni Alie ang pagsulyap-sulyap dito. Guwapong-guwapo pa rin siya rito. Sabagay guwapo naman kasi lahat ng mga Lee. Sikat nga ang mga ito sa eskuwelahan nila bilang mga heartthrobs! Tatlong magkakapatid na lalaki kasi sina Andrew. Pagkatapos ay tatlo ring magkakapatid na lalaki ang mga pinsan nito. Bukod sa pagiging guwapo, mayaman pa ang mga ito. Ang pamilya ang nagmamay-ari ng isa sa pinakamalalaki at pinaka-successful na farms sa Angat.

Para tuloy fangirl na hindi makapili ng bias ang mga babae—at ilang mga lalaki—noon sa eskuwelahan nila kapag ang mga Lee na ang pinaguusapan. Maliban na lang kay Alie na simula pa lang ay solid nang si Andrew ang crush... kahit pa paminsan-minsan ay napapalingson siya sa Kuya Aiden nito na bias wrecker naman talaga ng kahit sino.

Gabi na sila dumating sa bahay nila pero nasa gate pa lang ang sasakyan ay nagsilabasan na ang mga kamag-anak niya. Hindi pa tuluyang naihihinto ni Andrew ang sasakyan ay binubuksan na ng papang

niya ang pinto niya.

“Pang!” sigaw ni Alie sa tuwa bago mahigpit na niyakap ang ama nang makababa siya. Hindi pa sila tapos magbatian ay kinuyog na siya ng mga kapatid niya. Isa-isa niyang niyakap ang mga ito.

“Andrew, salamat sa pagsundo kay Alie,” sabi ng mama niya sa binata habang nagpupunas ng mga luha ng tuwa kasi nasa bahay na ulit ang isa sa mga inakay nito.

“Wala po ‘yun, Tita Jocelyn,” nakangiting anas ng lalaki habang pinagtutulungan nito at ng Kuya Onad niya na ibaba ang mga bagahe ng dalaga mula sa likod ng SUV. “Sabi naman niya may pasalubong ako galing Korea.”

“Aba, dapat lang,” tawa ng mama ni Alie. “Halika muna. Pumasok ka muna nang makakain. Medyo mahaba ang biyahe n’yo ah.”

“Medyo na-traffic lang po bago makapasok ng NLEX pero pagkatapos n’un, maluwag naman na ‘yung kalsada.”

“Ah, buti naman. Sige na, halika na. S’abi ko rin sa mommy mo, pakakainin muna kita bago kita pauwiin sa inyo.”


“Sige po, Tita. Hindi na po ako magpapakipot.”

Nagtama ang mga paningin nina Andrew at Alie, at masaya siyang ngumiti sa lalaki. “Salamat, Kuya Andrew ah.”

Kumindat ito sa kanya. “You’re welcome.”

Pagkatapos niyon ay pumasok na sila sa bahay at kumain na ng late dinner kung saan ang handa ay lahat ng mga paboritong pagkain ni Alie na na-miss niya. Kahit iluto niya ang mga iyon sa Seoul, iba pa rin ang kinalalabasang lasa. Siniguro niyang magpakabusog sa pagkain at magpakalunod sa pagmamahal ng pamilya niya.

Na-miss talaga niya ang mga ito. Sige na nga! It's good to be home.

A decorative wreath frame made of intricate, symmetrical scrollwork and floral patterns, surrounding the chapter title.

CHAPTER 2

Tanghali na nagising si Andrew kinabukasan. Ganoon naman talaga siya kapag nasa farm. Siguro dahil doon siya nakakapahinga talaga kaya masarap lagi ang tulog niya. Bumangon siya at naligo muna bago bumaba ng bahay. Nakakahiya kasi at baka dumating na ang kanyang mga kuya. Hindi naman sa kailangan niyang magpapogi sa mga kapatid pero kasama kasi ng mga ito ang girlfriends ng mga ito. Kina Ate Rowan at Ate Eloisa siya dapat laging pogi.

Naroon na nga sa dining room ang mga kapatid. Hindi pinigilan ni Andrew ang ngisi nang makita ang mga ito. Sa Maynila kasi, sa isang opisina man sila pumapasok, pinili nilang tumira sa magkakahiwalay na condo. Noong unang linggo niyang nakahiwalay sa mga ito, maya't maya siyang tumatawag at nagtatanong kung kailan puwedeng mag-sleepover ang dalawa. Hindi kasi siya sanay na mag-isa.

Nasa kabisera ng mesa ang kanilang ama na nagbabasa ng diyaryo habang bakante ang upuan ng nanay nila sa kanang kamay nito.

Sa tabi ng lugar ng mommy niya nakaupo ang ikalawa niyang kuya na si Aiden. Ipinanganak itong may butas sa puso at labas-masok ito sa ospital noong bata. Bibigay na sana ang puso nito nang makatanggap ng heart transplant. Ang kasalukuyan nitong puso ay dating pagmamay-ari ng yumaong nobyo ng kasalukuyan nitong girlfriend na si Rowan.

Wala ang babae pero malamang nasa kusina ito kasama ng mommy nila. Chef kasi si Ate Rowan at manager ng isang sikat na restaurant sa Tagaytay. Kapag may pagkakataong makatambay sa kusina, doon pumupunta ang babae.

Nakikipagtawanan si Kuya Aiden kina Kuya Dennis at sa girlfriend nitong si Eloisa na nasa tapat nito sa mesa.

Dati nang mag-boyfriend ang dalawa noong high school pero naghiwalay ang mga ito at hindi mapilit ni Andrew ang dalawa na ikuwento kung bakit. Nagkabalikan lamang ang mga ito nang muling magkita sa opisina nila nang mag-apply na receptionist si Eloisa. Kasalukuyan itong assistant ni Andrew at hindi niya alam kung ano ang gagawin niya kung wala ito.

“Naku, wala na. Uwian na. Nandito na si Andrew,” sabi ni Kuya Aiden nang makita siya.

Ngumisi siya rito saka naupo sa tabi ni Ate Eloisa. “Ganyan talaga. Laging grand entrance kapag guest of honor.”

“Ano raw? Guest of horror?” tanong ni Kuya Dennis.

“Oy, Kuya. Huwag kang ganyan ah. Di porke kamukha mo na naman si *Little Mermaid* eh hindi kita papatulan.”

Nagtawanan ang mga kasama nila sa mesa. Paano ay napapayag na naman ito ni Ate Eloisa na pakulayan ng pula ang buhok nito. May fetish yata ang babae sa pulang buhok. Eh lagi naman nitong napapayag ang kuya niyang banidoso pagdating sa buhok nito.

Ang true love nga naman.

Nagtatawanan pa rin sila nang pumasok ang nanay nila at si Rowan na dala ang mga pagkaing magkatulong na inihanda ng mga ito.

“Kumusta pala si Alie?” tanong ni Aiden habang naghihiwa ng fried chicken thigh fillet. Naadik na kasi ito sa chicken and waffles na specialty sa restaurant nina Rowan.

“Okay lang,” sagot ni Andrew habang nag-concentrate sa sarili niyang almusal. “Ma, di mo naman sinabi sa ‘king umuwi siya kasi tapos na ‘yung kontrata niya. Akala ko naman bakasyon lang.”

“Naku, di ko ba nabanggit? Nawala sa isip ko. Sorry, Bunso.”

Hindi nailang si Andrew kapag tinatawag pa rin siyang bunso ng mommy nila, totoo namang bunso siya eh. Di bale nang sa taas niyang six-foot-flat, siya ang pinakamatangkad sa kanilang magkakapatid.

“Kinumusta ko ‘yung trabaho n’ya. Mamaya sensitive pala siya tungkol d’un at ayaw niyang pag-usapan.”

“Teka, hindi na-renew ‘yung kontrata niya?” sabat ni Kuya Dennis. “Bakit daw? Tuwing kinukumusta ko siya, maganda naman ang balita niya tungkol sa performance niya.”

“Nagalit daw ‘yung boss niya kasi niligawan siya n’ung anak.” Kumurap-kurap si Kuya Dennis, halatang naguluhan, kaya nagpaliwanag pa siya. “Ayaw yata n’ung boss niya na nakikipagkaibigan sa mga Pinay ‘yung anak. Kaya n’ung nalamang nanliligaw sa kanya, nagalit.”

“Grabe naman ‘yun,” hindi napigilang sabi ni Ate Rowan.

“Gan’un talaga minsan,” buntong-hininga ng mommy nina Andrew. “May mga racist talaga.”

“O masama lang ang ugali,” singit naman ng papa nilang nakikinig pala sa usapan.

“Saan na daw siya ngayon?” tanong ni Kuya Aiden.

“Magpapahinga raw muna siya pero hahanap din ulit ng panibagong trabaho d’un. Gusto raw talaga niya sa Korea eh.”

“May experience naman na siya. Mas madadalian na siguro siyang pumasok, saka ‘yung talagang bagay na sa course niya,” ani Kuya Dennis bago nito binalingan si Ate Eloisa para ipaliwanag dito na hotel management kasi ang course ni Alie pero pumasok itong chambermaid dahil umasa itong mapo-promote din agad. “Minalas lang talaga sa boss kasi masipag ‘yun. Saka ‘yun nga, maganda naman daw ang performance niya.”

“Kumustahin n’yo na lang mamaya sa handaan sa kanila. Kinumusta rin kayo n’un eh. Sa kanya na kayo magpakuwento.”

“Buti pa nga,” sang-ayon ni Kuya Dennis. Walang duda si Andrew na ganoon ang gagawin ng kapatid niya. Ito ang pinakamatanda sa kanilang lahat maging sa mga magpipinsan. Seryoso ang kuya niya sa role nitong kuya ng bayan kaya alaga sila nitong lahat mula pa noong pagkabata. Kilala nitong lahat ang mga bata sa farm at dakilang mother hen kapag naroon ito.

Sigurado ni Andrew na mayamaya lang ay alam na nito ang buong kuwento at malamang ay nabigyan na rin nito si Alie ng listahan ng maaari nitong gawin habang naghahanap ng bagong trabaho.

Nagpatuloy sa pagkain si Andrew habang nagkukuwentuhan ang pamilya niya. Masaya siya na buo sila ngayon. Hindi lang buo, may dalawa pang extra sa katauhan ng mga ate niya. Basta masaya ang

mga kuya niya, masaya din siyang bunso.



Matapos ang almusal, nagpaalam si Andrew na maglalakad-lakad. Pakiramdam kasi niya hindi pa lubos na natutunaw iyu=ong kinain niyang kare-kare na luto ng mama ni Alie kagabi tapos dinagdagan pa niya ng chicken and waffles. Mukhang kailangan niyang maghabol ng mga manok para ma-exercise siya.

Mataas na ang araw. Wala man lang kahit isang ulap para markahan ang pagkaasul ng langit. Napangiti si Andrew. Nakakagaan kasi ng mood kapag maganda ang araw kahit mainit.

Nakipagkuwentuhan siya sa mga trabahador nila na bumati sa kanya. Noon, tuwing summer, nagtatrabaho silang magkakapatid at magpipinsan dito. Nakikitanim, nakikiani, at nakikipakain ng mga alagang manok at baboy. Tuwing weekend naman, doon sila sa sapa para mag-swimming, mag-picnic o kaya ay humilata o mahiga sa duyan sa ilalim ng mga puno ng mangga.

Gawain pa rin naman nila iyon hanggang ngayon. Ang kaibahan lang, mga dambuhala na silang lahat at legal nang magpuslit ng soju kung gusto nilang mag-inuman.

Hinayaan niyang dalhin siya ng mga paa sa kung saan. At nang mapuna na papunta siya sa kuwadra ng mga kabayo, itinuloy na niya. Mayroong dalawang

kabayo roon ngayon. Ang isa ay alaga ni Alie mula pa noong teenagers sila, si Masi. Iniregalo ang kabayo sa ama nito ng isang haciendero nang iligtas ng papang ni Alie na veterinary assistant, ang paboritong kabayo ng haciendero. Ang isa naman ay si Nimoy na inampon naman ng ama ni Andrew nang hindi na ito maalagaan ng mga dati nitong may-ari.

Bukas ang pinto ng kuwadra kaya pumasok si Andrew roon. Dapat inasahan na niyang naroon si Alie. Hindi naman nito patatagalin na hindi madalaw kaagad si Masi. Nakatayo ito sa isang stepping stool sa tabi ng alaga at bina-brush ang katawan nito. Masaya ring ngumunguya ang kabayo kaya alam niyang nabigyan na ito ng babae ng mansanas.

Nakasuot ng maong si Alie at isang maluwag na puting T-shirt. Naka-sneakers din ito. Wala itong makeup at naka-ponytail lang ang buhok, at suot nito ang salamin sa mata. Napakasimple lang nito, girl-next-door, one of the boys. Noong mga bata sila, ito lang ang nag-iisang babae na talagang kasama nila sa lahat, mula sa pag-akyat ng puno ng mangga hanggang sa paglangoy sa sapa. Kapag umuwi sila sa mga bahay nila noon, kasama nila itong pawisan at putikan pero may malaki at masaya itong ngisi na nagsasabing nag-enjoy din ito sa pamamasyal nila.

Nang magbinata at magdalaga naman sila, si Alie rin ang kasabay nilang nahilig sa basketball at football. Hindi man ito naglalaro, palagi itong

nanonood kapag kasali sila sa liga at pinakamalakas mag-cheer para sa team nila.

Siya na ang unang aaming medyo protective siya rito. He liked her. Isa pa, kapatid ito ng isa sa pinakamalalapit niyang kaibigan.

Lumapit siya sa gate ng kulungan ni Masi at ipinatong doon ang mga braso. Hindi siya napansin ni Alie. Patuloy lang ito sa panlalambing sa alaga nito habang kinakausap ito na parang baby.

“Na-miss kita,” sabi ng babae. “Na-miss kita talaga. Kung puwede lang kitang isama d’un, isasama talaga kita. Masarap d’un! Magugustuhan mo ‘yung klima. ‘Tapos ipapag-audition kita sa mga historical K-drama! Baka maging extra ka pa d’un! Galingan mo ah! Kapag mapana ka, tumba ka kaagad ah!”

“Paano kung ayaw niyang mag-artista?”

“Ay, kabayo!” sigaw ni Alie sa gulat na naihagis pa sa ere ang ginagamit nitong pang-brush sa puting coat ni Masi.

Tumawa si Andrew sabay nag-neigh na parang kabayo at kinahid ng paa ang dayami sa sahig ng kuwadra.

Napalakas ang masayang tawa ni Alie. “Ano ka ba naman, Kuya! Ba’t ka nanggulat?”

“Mukhang nagha-heart-to-heart kayo ni Masi eh. Ano’ng sabi niya? Na-miss ka raw ba niya?”

“Oo raw.” Bumaba ito ng stepping stool at pinulot ang nalaglag nitong curry comb. “Kanina

ka pa ba d'yan?"

"Hindi naman." Hinila ni Andrew ang latch ng gate at pumasok na rin sa loob ng stall ni Masi. Lumapit siya sa kabayo at hinaplos ang gilid ng leeg nito. Sinulyapan lang siya ni Masi saka ito nagpatuloy sa pagnguya. "Kumusta ang first night mo sa Pilipinas?"

"Ayon, Kuya, hindi ako natulog," natatawa nitong saad. "Nagkuwentuhan lang kami ng mga kapatid ko saka ni-raid na nila 'yung mga bagahe ko. Nasa bahay pala 'yung mga pasalubong ko sa inyo, Kuya! Kunin n'yo na lang mamaya pagkatapos ng handaan. Pero chocolates lang 'yun ah, saka mga chichirya kasi 'yun ang bilin ni Tita Anna. Gusto raw niyang matikman."

"Okay lang 'yun. Malaking bagay na 'yun. Salamat." Muling nagsimulang umakyat si Alie sa stepping stool at automatic na inilahad ni Andrew ang palad para tulungan ito.

"Nakup—" narinig niyang bulong ni Alie bago siya natawa nang ipinahid muna nito sa pantalon ang palad bago inilagay sa kamay niya ang kamay nito. Nakangisi na siya nang tulungan itong makasampa roon.

Independent woman kasi si Alie at alam niyang hindi nito kailangan ng tulong niya pagdating sa mga ganito. Tumatakbo nga ang babae sa ibabaw ng madudulas na bato sa sapa eh. Kaya siguro ikinatuwa

niyang nagpatulong ito sa kanya.

“Pupunta ba kayong lahat sa handaan mamaya?” tanong nito habang pinapagpatuloy ang pag-brush kay Masi.

“Oo. Nasa bahay na sina Kuya. Naalala mo ‘yung girlfriend ni Kuya Dennis noon? Si Ate Eloisa?”

“Ay, oo.”

“Sila na ulit. Saka nandito na rin ‘yung girlfriend ni Kuya Aiden, si Ate Rowan. Makikilala mo rin siya mamaya.”

“O, ikaw na lang pala ang single sa inyo, Kuya?” pabiro nitong puna.

Nagkunwari siyang malungkot at umiling. “Oo nga eh.”

“Ano’ng nangyari d’un sa huli mong girlfriend? ‘Yung kamukha ni Pia Wurtzbach?”

Noon natawa si Andrew. “Matagal na kaming wala. Mahilig kasi siya sa boyband.”

Kumunot ang noo ni Alie. “O, ano naman ang masama sa mahilig sa boyband?”

“Kasing-dami ng members ng boyband ang magkakasabay niyang boyfriend n’ung boyfriend niya ako.”

“Hala!”

Muling natawa si Andrew. Napaka-cute talaga nitong babaeng ‘to. “Oo! Ang masama, hindi pa pala ako ‘yung lead singer ah. Kaya ‘yan, hiniwalayan ko na.”

Napailing si Alie at binalikan ang pagba-brush sa coat ni Masi. “Bad ‘yun! Dapat loyal siya,” inis nitong sabi.

“Hayaan na natin. Matagal naman na ‘yun.” Nilingon ni Andrew ang kabilang stall nang marinig na gumawa ng ingay ang isa pang kabayo na si Nimoy. Nagseselos siguro. Lumapit siya rito at hinaplos ito sa pagitan ng mga tainga. Kung puting-puti si Masi, itim na itim naman si Nimoy maliban sa isang medyo diamond-shaped na spot sa noo nito.


Nilingon ni Andrew si Alie. “Gusto mong lumabas?”

Nalaglag na naman ni Alie ang curry comb sa gulat at nataranta ito, halatang hindi alam kung bababa ng stool o tutuwad habang nakatayo roon para abutin ang brush. Sa huli ay muntik itong malaglag nang lumundag ito pababa. Automatic niya itong sinubukang saluhin pero agad namang nakabawi ang babae.

“Ano ‘yun, Kuya?” tanong ng dalaga nang muling makuha ang brush.

“Sabi ko kung gusto mong lumabas. Dalhin natin sina Masi at Nimoy sa sapa.”

“Ahhhh,” ani Alie na namumula ang mga pisngi. “Oo ba! Sige po.”



CHAPTER 3

Magkatulong nilang inilagay ang saddle at reins kina Masi at Nimoy, pagkatapos ay tinulungan ni Andrew na makaakyat si Alie kay Masi bago ito sumakay kay Nimoy.

Nang itanong ng lalaki kung gusto niyang lumabas, kung saan-saan naman napunta ang isip ni Alie. Date ba ang ibig nitong sabihin? Saan sila pupunta? Iyon pala, lumabas lang ng kuwadra ang gusto ng lalaki. Handa na sana siyang magbihis ng wedding gown eh.

Hinayaan nilang maglakad ang dalawang kabayo sa direksyon ng sapa. Pasulyap-sulyap siya kay Andrew—at oo, sa isip niya, Andrew lang talaga ang tawag niya rito. Nagkukunwari lang siyang nakikikuya para hindi halata ang pagnanasa niya rito.

Ang guwapo talaga ni Andrew, susko! Ang kisig! Ang ganda ng tindig nito habang nakasakay kay Nimoy at napuna niya ang mahaba nitong mga binti

at ang maskuladong mga hitang halata kahit pa nakapantalong maong ito. Maging ang mga braso ni Andrew ay maskulado. Kitang-kita rin niya iyon habang hawak nito ang reins ni Nimoy.

“Alie, kung gusto mong patakbuhan si Masi, sige lang. Mauna na kayo sa sapa.”

“Okay lang, Kuya?”

Binigyan siya nito ng isang nakakapanghihinang ngiti. “Oo, sige lang. Hindi naman ako itatakas ni Nimoy eh. Kung itakbo niya ako, malamang babalik lang siya sa kuwadra. Kapag wala pa kami sa sapa sa loob ng sampung minuto, balikan mo na lang ako d’un.”

Tumawa si Alie at masayang tumango. “Sige. See you!”

Pagkatapos ay maingat niyang tinapik ng gilid ng isang paa ang tagiliran ni Masi na hudyat para bilisan nito ang lakad, pagkatapos ay nagsimula na itong tumakbo.

Lumaki ang ngisi ni Alie at pansamantala niyang nalimutan ang kaguwapuhan ni Andrew nang madama ang malamig at preskong hangin sa mukha niya habang mabilis na dumadagundong ang malalaking hakbang ni Masi sa lupa.

Dumaan sila sa isang lote na taniman ng gulay. Kumaway siya sa mga manggagawang nadaanan na bumati sa kanya pero hindi siya huminto. Pagkatapos ay lumiko na siya papunta sa makipot

na daan pababa ng sapa. Malakas siyang tumawa sa tuwa nang mabungaran ang malinis na tubig niyon at kumikinang na para bang may mga briliyanteng tinatamaan ng sinag ng araw.

Bumaba siya mula sa likod ni Masi at dinala ang alaga sa damuhan. Hindi niya ito kailangang itali. Hindi naman ito tatakbo. At kung tumakas man ang kabayo, babalik lang din ito ng kuwadra kung nasaan ang pagkain nito. Homing horsie ang mga kabayo nila eh. Kung nasaan ang pagkain, doon ito uuwi.

Mana sa mga amo.

Inalis ni Alie ang mga sapatos at medyas niya, saka lumapit sa sapa. Inilublob niya ang mga daliri ng isang paa sa tubig at muling tumawa sa tuwa sa lamig niyon.

Ilang beses na ba silang lumangoy roon? Ilang beses nagtampisaw? Hindi niya puwedeng isipin ang kabataan niya nang hindi maiisip ang sapa.

Mayamaya pa ay narinig na niya ang mga yabag ni Nimoy. Nilingon niya ang daan at nakitang pababa na rin sa pathway ang kabayo. Inabot pa ng ilang minuto bago nito narating ang damuhan kung saan nakatungo na si Masi at kumakain. Bumaba si Andrew at matapos ang haplos sa pagitan ng mga tenga ni Nimoy, iniwan na rin nito ang kabayo para lumapit sa kanya.

“Sorry, natagalan,” anito. “Hindi ko na pinagmadali si Nimoy. Alam mo namang may edad

na ‘yan. Baka atakihin ng rayuma.”

“Ay, oo nga. Huwag nang abusuhin ang *ahjussi*.”

“Ano ‘yun?”

“Korean po para sa lalaking medyo may-edad na. ‘Yung mga Tito of Manila na, gan’yan.”

“Ah.” Kumurap si Andrew sa kanya dahil nakatingin siya rito habang hinihimas nito ang pang-upong halatang namanhid dahil sa pagsakay kay Nimoy. “O, ba’t ganyan ka makatingin? Parang sinasabi mong *ahjussi* na rin ako.”

Namilog ang mga mata ni Alie. “Aba, hindi, Kuya!”

“Eh sa ‘kin? Ano’ng tawag kapag Korean?”

“Andrew *oppa*,” agad niyang sabi.

“As in *Gangnam Style*? Ano’ng ibig sabihin ng *oppa*?”

“Kuya. Kapag babae ka ‘tapos mas matandang kapatid na lalaki o kaya lalaking hindi mo kamag-anak pero close pa rin naman kayo, puwede mo siyang tawaging *oppa*.”

Tumango si Andrew bago nagtanggap na rin ng sapatos at tinupi ang laylayan ng pantalon.

T-shirt, Kuya? Di mo aalisin?

Inilublob din nito ang mga paa sa tubig. “May ganitong lugar ka ba sa Korea? ‘Yung puwede mong puntahan na tahimik?”

Mabagal siyang umiling. “Wala. May mga parks na tahimik pero iba ‘yung pakiramdam. Saka kapag

maglublob ako ng mga paa d'un sa tubig ng sapa nila, matatanggal 'yung mga daliri ko sa frostbite."

Tumawa si Andrew, at muntik bumuntong-hininga at mag-beautiful eyes si Alie sa tunog niyon.

Nagkuwentuhan lang silang dalawa. Ganoon naman din kasi sila kahit noon pa. Komportable silang dalawa sa isa't isa kahit pa si Kuya Onad talaga ang kaibigan ni Andrew. Hindi sila nauubusan ng pagkukuwentuhan. Siguro dahil madaldal lang talaga si Alie, pero may kakulitan din naman si Andrew kaya masaya rin itong kasama.

Nag-aya lang itong bumalik nang marinig nitong nagmaganda ang tiyan ni Alie dahil oras na ng tanghalian.

"Sa susunod, magdala na tayo ng picnic," sabi ng lalaki matapos siyang tulungan muling makasakay kay Masi.

Sa susunod... puwedeng mamaya na, Kuya?

Pero hindi niya iyon sinabi nang malakas at nanatili siyang nakangisi habang pabalik sila ng kuwadra.



Nang gabing iyon, maingay sa bakuran ng bahay ng mga Barrameda para sa welcome back party ni Alie. Naroon ang buo nilang angkan at ang mga kaibigan at kababata niya. Ang ilan sa mga ito ay may kani-kanila nang mga pamilya kaya may mga bata ring nagtatakbuhan sa paligid nila. Mayroong

may kasama ring mga girlfriends o boyfriends. Nakihabol si Alie sa balita sa trabaho at mga buhay ng mga ito. Matagal din siyang tumambay sa mesa ng mga pinsang buo ni Andrew na sina Onew, Miro at Timothy.

Nakipagkuwentuhan siya sa mga ito at kinumusta ang trabaho ng mga kaibigan. Engineer si Onew at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang papasikat nang real estate development company. Professional football player naman si Miro at member ng Philippine team. Si Timothy naman ay kasalukuyang nag-iisang Pilipinong miyembro ng isang sikat na K-pop boyband.

Madalas siya nitong dalawin sa Seoul dahil doon din ito naka-base. Lagi rin siyang may libreng concert tickets, hindi lang ng grupo na kinabibilangan nito, kundi kapag may concert din ang paboritong boygroup ni Alie na suwerte namang kasama ni Timothy sa agency na kinabibilangan nito. Masaya siya na sabay din silang nandito sa Pilipinas ngayon.

Pero kahit sinisiguro niyang makakausap niya ang lahat ng mga bisita, alam niya eksakto kung nasaan si Andrew *oppa*. Kasama nitong dumating ang pamilya nito at binati siya. Ipinakilala rin siya nito sa mga nobya ng mga kuya nito. Maganda pareho ang dalawa at magiliw sa kanya. At wala rin namang nadamang pagtutol si Alie dahil halata namang masaya ang mga kuya niya sa mga nobya ng mga ito.

Kasalukuyang nakatayo si Andrew sa may buffet table at kumukuha ng pagkain. Noon naisip ni Alie na lumapit na rin siya roon para kumuha ng sariling hapunan.

“Uy!” masayang bati ni Andrew nang mapansin siya. “Ngayon ka lang yata kakain ah.”

Ay, alam ni Kuya! Pinapanood mo rin ako ‘no?

“Opo eh. Ang daming bisita!”

“Halika na. Sabayan mo na ako. Pangalawang kain ko na ‘to pero ang sarap ng mga pagkain eh.”

Nagpuno silang dalawa ng pinggan saka dinala ang mga iyon sa isang bakanteng mesa.

“May gusto ka pa?” tanong nito nang makaupo siya.

Umiling si Alie. “Wala na, Kuya.”

Ikaw lang, sapat na!

“Napansin ko kasing kanina ka pa nag-iikot. Naisip kong malamang hindi ka pa nga kumakain.”

“Nakakahiya naman kasing unahin ko pang kumain eh nandito nga kayong lahat para sa ‘kin.”

“Actually, nandito ako para manghingi ng pasalubong,” biro nito na ngumunguya na ng lumpiang shanghai.

“Nasa loob! Huwag mong kalimutan mamaya. May kimchi din pala akong uwi para sa ‘yo saka *jjampong*.”

Tumawa si Andrew at nagsimula silang kumain. “Kimchi talaga ang hilig nila doon ano? Eh ikaw ba?”

Ano ba'ng mga pinakagusto mo sa Korea?"

"Yung music talaga saka K-drama, Kuya. Nakakapagpasaya eh. Hindi ko alam kung bakit gan'un ang epekto sa 'kin. Basta nakakapagpasaya lang. Kapag nakikinig ako ng music nila kahit noong hindi ko pa naiintindihan, nakakaangat ng mood. Kaya kahit n'ung nalaman kong wala na akong trabaho, dinaan ko lang sa K-pop 'tsaka sa K-drama! Tanggal ang problema ko eh!"

Napangiti na naman si Andrew. "Ganyan ka talaga ano? Napakapositibo mo."

"Fangirl lang talaga ako, Kuya." Itinulak ni Alie pataas sa ilong ang salamin niya at ngumiti rito. "Masaya na akong mapanood nang live ang idols ko."

"Hindi lang 'yun." Pinagmasdan siya nito na may ekspresyon na parang ngayon lang siya nito nakita. "Nakakatuwa ka kasi. Nakalimutan ko na kung gaano ka kagaan kausap."

Saglit na hindi alam ni Alie ang isasagot dahil ikinatuwa ng puso niya ang sinabi nito. Natutuwa sa kanya si Andrew Lee! Isang paligo na lang, baka 'I love you' na ang sabihin nito sa kanya!

"Eh gan'un naman talaga, Kuya. Kaysa naman puro problema ang bukambibig ko. Malulungkot lang ako. Dapat laging masaya. Fighting!" sabi niya na itinataas pa ang isang kamao.

Tumango si Andrew na nakangiti pa rin bago ito tumungo sa pinggan nito.

Napatingin silang dalawa nang maupo si Kuya Dennis sa bakanteng silya sa mesa nila.

Isa pa itong *oppa* eh. Matangkad, maganda rin ang katawan, singkit, maganda ngumiti at may dimple ding gustong panggigilan ni Alie kung minsan. Hindi pala, madalas pala. Saka napaka-thoughtful at maalaga din nito.

“Alie, may offer ako sa ‘yo,” sabi nito habang inaabot ang isang lumpiang shanghai mula sa plato ng kapatid. Agad na natampal ang kamay nito pero nagpursige si Kuya Dennis hanggang sa nakanakaw ito ng pagkain.

“Anong offer, Kuya?”

“S’abi kasi ni Tita Jocelyn, gusto mo raw bumalik sa Korea kaya magpapahinga ka lang saglit ‘tapos maghahanap ka na ulit ng trabaho.”

Tumango si Alie.

“Kailangan kasi namin ng office manager sa opisina. Ngayon kasi ‘yung assistant ko rin ‘yun. Eh medyo dumadami na ‘yung trabaho niya. Kung gusto mo, pumasok ka muna sa ‘min habang hindi ka pa nakakahanap ng bagong trabaho sa Korea.” Muling natampal ang kamay nito nang muli iyong lumapit sa pinggan ni Andrew.

“Kumuha ka nga ng sarili mo!” sabi ng kapatid.

Hindi pinansin ni Alie ang bangayan ng dalawa dahil masyado siyang natuwa sa alok ni Kuya Dennis. “Talaga po, Kuya? Okay lang? Kaya lang hindi po

ba nakakahiya na bigla ko kayong iiwan kapag makahanap na ako ng bagong trabaho?”

Binawi na ni Dennis ang kamay dahil inilayo na ni Andrew ang pinggan nito. “Hindi, okay lang. Alam naman namin na temporary ka lang sa ‘min. Basta habang nagtatrabaho ka sa ‘min, tulungan mo lang kami na iorganisa ‘yung opisina. So ang trabaho mo eh receptionist, tagasagot ng trunkline saka taga-transfer ng calls. Kapag may bisita, ikaw rin ‘yung unang kakausap sa kanila, gan’un.”

Mabilis na tumango si Alie. “Sige po!” agad niyang pagpayag bago may naisip. “Hala! Sa Ortigas po ang opisina n’yo, di ba?”

Paano kaya iyon? Balikan siya araw-araw?

Naisip na rin ni Kuya Dennis ang sagot. “Tatal temporary lang naman ‘yung posisyon mo, okay lang kung sa ‘min ka na muna ni Eloisa umuwi. May extra naman kaming kuwarto ‘tapos malapit lang sa opisina ‘yung bahay ko.”

“Ay, nakakahiya naman, Kuya!” agad niyang sabi. Naiisip pa lang niyang makikitira siya sa bahay ng may bahay, nagdalawang-isip na siya. “Tapos sa bahay pa ng mag-boyfriend? Paano kung gusto nilang mag-sexy times sa kusina ‘tapos bigla siyang kukuha ng tubig? Di lahat sila na-trauma!

“Okay lang,” nakangiting giit ni Kuya Dennis na pinapakitaan siya ng dimple. “Napag-usapan naman na namin ni Eloisa.”

“Nahihiya ako, Kuya. Kasi siyempre, alam mo na, bagong couple pa lang kayo. Kailangan n’yo ng maraming alone time. Pero gusto ko po talagang magtrabaho para sa inyo. Maghahanap na lang ako ng sarili kong apartment o kaya dorm na malapit. Tuwing weekends na lang ako uuwi dito.”

“Eh di sa ‘kin na lang,” biglang sabat ni Andrew na puno ng lumpia ang bibig.

“Anong sa ‘yo na lang?” tanong ni Alie na pinipilit na hindi ipahalatang biglang kumabog ang dibdib niya.

Lumunok si Andrew. “Sa ‘kin ka na lang umuwi. May extra rin akong kuwarto at malapit lang din sa opisina ‘yung bahay ko. Wala naman akong kasama d’un kaya di ka mahihiya. May sarili rin akong banyo sa kuwarto kaya hindi mo ako aabutan na nakatuwalya lang d’un kung nahihiya ka.”

Tsk. Sayang.

“Okay lang sa ‘yo?” tanong ni Kuya Dennis.

“Oo, okay lang.” Nilingon siya nito. “Kailangan mo lang tiisin ‘yung luto ko.”

“Marunong naman akong magluto, Kuya. Kahit ako na’ng bahala d’un!”

Ay, excited? Hindi naisip na kababae niyang tao, makikitira siya sa bahay ng lalaki?

O, eh wala namang malisya, di ba? At least sa part ni Andrew. Saka may tiwala naman silang lahat sa lalaki. Kung may masama itong balak sa kanya,

matagal na niya iyong nahalata kasi ilang beses naman na silang naiwan na silang dalawa lang. ‘Yun ngang inabot sila ng ulan sa kubo, kung talagang masama itong tao, noon pa lang may ginawa na sana ito.

Ay, ba’t may sana?

“Ipapaalam ko rin po muna kina Pang, siyempre, pero papayag naman po ‘yun.”

Itanan mo na lang ako kung hindi.

“Saka magkano po pala ang ibibigay kong renta sa bahay?”

Gumawa ng tunog mula sa ilong si Andrew na sumusubo muli ng pancit naman. Umiling ito. “Wala na. Hindi naman ako nagbabayad ng renta.”

“Hindi naman puwede ‘yun, Kuya! Dapat may share ako. Kahit tubig o kuryente lang.”

“Bahala na. Saka na natin ayusin,” ani Andrew.


“So payag ka?” pagkaklaro ni Kuya Dennis na hopeful ang ekspresyon sa mukha. “Puwede ka nang magsimula sa Lunes?”

“Puwede po!”

“Okay!” Isa na namang dimple-flashing smile mula sa panganay na Lee ang halos bumulag sa kanya na saglit na nagpalimot na si Andrew ang bias niya. “See you on Monday!”

Pumalapak si Alie. “Thank you po!”

And thank You, Lord! Hindi siya makapaniwala. Umuulan ng blessings!

A decorative floral wreath with intricate scrollwork and leaf patterns, framing the chapter title.

CHAPTER 4

Hindi masyadong ikinatuwa ng papang ni Alie nang magpaalam siyang magtatrabaho sa Maynila. Mas lalo itong nagdalawang-isip nang malamang makikitira siya sa isang lalaki. Si Kuya Onad niya ang tumulong na magkumbinsi rito dahil may tiwala nga naman ang kuya niya kay Andrew. Hindi nito alam na kay Alie ito hindi dapat magtiwala pagdating kay Andrew Lee.

Ang sabi ng pang niya, hindi lang iyon ang iniisip nito. Kakauwi lang ni Alie, bigla naman itong lalayo ulit. Nangako na lang siyang madalas uuwi ng Bulacan lalo na tuwing weekend.

Matapos magsimba kinabukasan, dala-dala na naman niya ang mga bagahe niya pero hindi siya sa sasakyan ni Andrew sumakay. Nagrenta sila ng van para lahat sila ay makapunta sa bahay ng lalaki at makita kung saan titira si Alie.

Umuwi muna silang lahat sa condo ng lalaki.

Nagustuhan niya iyon nang makarating sila sa building. Medyo malaki ang unit para sa isang tao pero okay lang. Malaking tao naman si Andrew kaya parang okay lang na medyo malaki ang condo nito.

Maayos din iyon at malinis bukod sa kalat na aasahan mo kapag lalaki ang nakatira. May nakasampay na T-shirt sa sandalan ng isang armchair. May isang pares ng rubber shoes sa may pinto. Sa center table sa sala, may isang basong walang laman pero at least may coaster sa ilalim niyon. Pero malinis naman talaga ang condo, lalo na't dinampot ni Andrew ang mga napansin nitong mga kalat. Napuno ng mga Barrameda ang bahay nito.

“Dito po ako nakatira,” sabi ng lalaki na ibinababa ang mga dinampot na kalat sa island na naghihiwalay sa kusina at sa dining room. “Malaki naman po ‘yung space kaya di kami magkakabunguan ni Alie. Dito po siya sa guest bedroom.”

Binuksan nito ang pinto papunta sa isang silid sa bandang dulo ng isang maiksing hallway. Nagkumpalan ang mga kapatid niya roon para makisilip sa silid. “Pasensya ka na at medyo ginawa ko siyang lalagyan ng mga damit. Maliit kasi ‘yung mga closet sa kuwarto. Di bale, aayusin ko na lang mamaya para may space ka.”

“Okay lang ‘to, Kuya. Kung wala ka talagang mapaglagyan, kahit huwag mo nang alisin.”

Total kaunti lang ang dala ni Alie. Uwi naman

siya tuwing weekend kaya halos pang-isang linggong damit lang ang dala niya at ilang mahahalagang bagay na kasya sa isang backpack at isang trolley bag.

“Hindi, konting ayusan lang ‘to,” giit ni Andrew.

Pinagmasdan ni Alie ang magiging silid niya. Mukha nga iyong closet ng lalaki. May mga nakasabit na damit at may nakahilerang mga sapatos sa sahiig. May dresser doon na puno ng mga bote ng pabango. May nakapatong din doong ilang wrist watches at sunglasses na mukhang pinagpilian ni Andrew bago ito nakapagbihis.

Naaamoy niya sa silid ang pabango ni Andrew. Mabango iyon at amoy malinis. Pinigil niya ang ngiti. Sarap ng tulog niya nito mamaya.

Noon niya napansin na sinusubukan ng papang niya kung gumagana ang lock ng pinto ng silid habang may mapanghinalang ekspresyon sa mukha at nakatingin kay Andrew. Pinandilatan niya ang ama na nag-thumbs up naman sa kanya.

“Puwedeng i-lock,” sabi nito.

“Pang,” buntong-hininga ni Alie. Pero huwag na niya itong masyadong awayin kasi malaking himala na nga na pumayag ito sa ayon dito ay “kalokohan” niya.

Nag-tour sila sa budong condo bago sila muling umalis para pumunta ng *Megamall* para mamasyal tatal nasa Ortigas na sila. Doon na kumain ang mag-anak at muli silang inihatid ng mga ito sa

building kung saan naroon ang condo. Doon na sila sa sidewalk nagpaalaman.

Yumakap si Alie sa mga magulang at nangakong maya't maya ay magte-text at tatawag. Tinapik ni Andrew ang braso ni Kuya Onad at nag-fistbump pa ang dalawa habang pinapapangako ng kuya niya si Andrew na alagaan siya nito. Kumaway sila sa mga kamag-anak niya bago tuluyang isinara ng kuya ni Alie ang pinto ng van saka iyon nagsimulang umandar palayo.

Sanay naman na si Alie na malayo sa pamilya. Dalawang taon ba naman siyang nangibang bansa. Kaya hindi niya mawari kung bakit lungkot na lungkot siya habang pinapanood na lumayo ang van na sinasakyan ng pamilya eh sa Bulacan lang naman uuwi ang mga ito.

“Okay ka lang?” tanong ni Andrew sa kanya.

Tumango siya. “Mami-miss ko lang talaga sila. Nakakatawa, ano? Kasi kung paano ko sila na-miss n’ung nag-Korea ako, gan’un din ‘yung nararamdaman ko ngayon eh isang bus at isang jeep lang naman, nasa bahay na ako ulit.”

“Gan’un talaga kapag malapit ka sa pamilya.” Tinalikuran na nila ang sidewalk para pumasok sa building. “N’ung una akong lumipat dito, tumawag kaagad ako kina Kuya Dennis at Kuya Aiden para dito sila matulog. S’abi ko n’un, housewarming party ‘yun pero ang totoo, na-miss ko na kaagad sila. At n’ung

una akong nagkasakit n'ung college na malayo kay Mommy? Ay, sos!”

Tumawa si Alie. “Ako rin! ‘Yung unang beses akong sinipon sa Seoul, iniyakan ko talaga kasi wala si mama ko.”

“Hayaan mo na. Sabay na lang tayong umuwi sa Biyernes.”

Umakyat silang dalawa sa unit nito at pinagbuksan siya ng pinto ni Andrew. “Magpapa-duplicate na lang ako ng susi bukas para may sarili kang susi,” sabi nito pagpasok nila. “Tapos, okay lang ba kung umalis tayo bago mag-eight ng umaga bukas?”

“Okay na okay lang, Kuya. Mas maaga pa ako gumising n'un sa dati kong trabaho.”

“Okay. Sige, maglilipat na ako ng mga gamit.”

Pumasok sila sa bago niyang silid at kahit sinabi niyang okay lang na naroon ang mga iyon, hinakot ni Andrew ang mga damit at sapatos nito. Tinulungan na lang din niya ang lalaki. Ipinilit na lang niya na okay lang talaga na huwag na nitong kunin ang mga pabango at sunglasses sa drawers ng dresser sa silid niya dahil wala naman na talagang paglalagyan si Andrew sa silid nito.

“Okay na ‘yan d’yan, Kuya. Para kapag wala akong pera, may maisasangla ako.” Tumawa siya sa gulat sa mukha ni Andrew. “Joke lang.”

Sinipat ng lalaki ang mga relo nito sa drawer at

kinuha ang isa. “Eto ‘yung pinakamahal sa mga ‘to. Kung magsasangla ka, unahin mo ‘to para limpak-limpak na salapi kaagad ang makuha mo.”

Nagkatawanan silang dalawa. Inilibot ni Andrew ang mga mata sa silid. “Okay ka na rito? May kailangan ka pa?”

Huwag mo akong laging tinatanong ng ganyan kasi ‘ikaw’ lang naman ang isinasagot ko! Mamaya masabi ko nang malakas, sige ka!

“Wala na po. Thank you ulit, Kuya!”

“Sige. Nasa labas ‘yung banyo mo ah. Kung magutom ka, may pagkain pa naman sa ref. Mag-grocery na lang tayo bukas pagkatapos ng trabaho para mayroon din tayo ng mga gusto mong pagkain.”

“Okay!”

“Okay. Good night!”

Walang good night kiss?

“Good night!”

Pagkalabas ni Andrew ng silid, nahiga si Alie sa malambot na kama. Parang nabasa na niya itong ganitong scene sa isang pocketbook. Kaya nga siya mabilis na pumayag eh. Nagkainlaban kasi iyong dalawang bida doon sa nabasa niyang pocketbook noong napilitan silang tumira sa iisang bahay. Malay niya mahumaling din sa kanya si Andrew. At kung hindi, nakatira na siya sa bahay nito. Mas madaling lagyan ng gayuma ang lahat ng pagkain nito kung kailangan.

Bumungisngis siya at bumaling sa may bintana. Niyakap niya ang unan sa ilalim ng ulo niya at naamoy na naman si Andrew. Huminga siya nang malalim at pumikit. Hindi man ito permanente, alam naman ni Alie na habambuhay na niyang dadalhin sa puso niya ang oras na narito siya.



Natakot pa si Andrew nang magising na nakakaamoy ng kape. Bumalikwas siya at inisip kung tatawag ba ng pulis o ng exorcist pero agad namang naalala na may kasama na siya sa bahay. Muli siyang nahiga.

Si Alie.

Sinilip niya ang alarm clock sa tabi ng kama at nakitang wala pang alas seis ng umaga. Naghikab siya, bumangon at nag-inat-inat. Kumuha na rin siya ng T-shirt dahil nakakahiya namang naka-boxer shorts lang siyang lalabas. Baka mabastusan si Alie. Baka isumbong siya nito kay Tito Rogelio eh kahapon kulang na lang maghasa ito ng labaha sa harapan niya habang binibigyan niya ng tour ng condo ang pamilya. Hindi nakatakas sa kanya na sinubukan nito kung gumagana ang lock ng pinto ni Alie.

Hindi naman ganoon si Andrew! Siya pa ang unang-una pang magka-castrate sa sarili bago siya may gawing kabastusan sa isang babae. At habang nakahandusay siya sa sahig, pipilipitin ng mommy niya ang lahat ng maiwang puwedeng pilipitin sa

katawan niya.

Istriкто ang mommy niya pagdating sa maraming bagay at isa na roon ang respeto sa mga babae.

Paglabas niya ng silid, nakaupo na sa kitchen island si Alie at nagkakape. Nilingon siya nito nang marinig ang pagbukas ng pinto niya.

“Good morning, Kuya,” masayahin nitong bati. Napangiti tuloy siya. Kahit siguro bumabagyo sa labas eh ganoon siya babatiin ni Alie. At mapapangiti pa rin siya sa tuwa.

“Good morning.”

“Pasensya ka na, nagnakaw na ako ng kape mo. Bibili na lang ako ng pampalit sa grocery mamaya.”

“Okay lang ‘yan. Huwag mo nang palitan.” Lumapit siya sa coffeemaker niya. “Okay na ba sa ‘yo ‘yang instant? Magbu-brew ako kung gusto mo?”

“Naku, okay na ‘tong instant, Kuya. Nananapak ng sikmura ang brewed coffee eh.”

Natawa si Andrew. Nag-alala pa siya na baka mailang sila ni Alie sa isa’t isa. Para namang hindi niya kilala ang babae.

“Nagugutom ka na ba?” tanong niya. “Kasi madalas nagkakape lang ako dito sa bahay. Sa opisina ako nag-aalmusal kasabay nina Kuya. Pero kung nagugutom ka na, puwede naman akong maghanda na ng pagkain.”

“Hindi pa naman po. Kaya ko pa naman hanggang mga...” Sinulyapan nito ang wallclock.

“6:30.”

Ginulo niya ang buhok nito. “Kulit! Sige, sandali lang. Magkakape lang ako. Kung gusto mo nang maligo, sige na. Para maaga rin tayo sa opisina. Si Kuya Aiden ang magdadala ng almusal ngayon eh. Malamang tapa ‘yun.”

“Sige po. Ako po? Saan ako puwede bumili ng almusal?”

Napalingon siya rito. “Hindi. Si Kuya na ang bahala d’un. Almusal naman para sa lahat ang dala namin araw-araw.”


“Ay, sige! Thank you po. Kinabahan lang ako kasi baka malimutan ako ni Kuya Aiden. Gutumin pa naman ako. Baka kainin ko ‘yung mesa ko d’un sa opisina n’yo pag di ako makaalmusal, sige kayo.”

Umiling na lang si Andrew, aliw na aliw. Tama. Na-miss nga rin niya si Alie nang pumunta ito ng Korea. Hindi pa rin kasi ito nagbabago.

“I’m really glad you’re back,” sabi niya rito.

Pinagmasdan siya ng babae na nakakiling sa kanan ang ulo.

“Alam n’yo, ako rin po,” sa wakas ay tahimik na sabi nito.

A decorative wreath frame made of intricate, symmetrical scrollwork and floral patterns, surrounding the chapter title.

CHAPTER 5

Sinamahan si Alie ni Aria na assistant ni Kuya Dennis sa reception area nang unang araw niya ng trabaho. Medyo kinakabahan pa siya pero madali lang naman pala ang gawain niya. Sasagot lang siya ng telepono at itata-transfer ang tawag maliban na lang kung ang mga Lee ang hinahanap ng tumawag. In which case, doon niya sa mga assistants ipapasa ang tawag. May mga ilan ding dumating na bisita at muli, doon niya sa mga assistants sasabihin kung sino ang dumating.

Madali lang talaga at medyo boring pero kung si Aria nga lang ang gagawa kasabay ng trabaho nito bilang assistant ni Kuya Dennis, medyo mabigat nga para sa isang tao. Pero kay Alie, marami siyang libreng oras para magbasa o kaya ay manood ng K-drama sa tablet. Akalain niya iyon? Binabayaran siya para makanood ng K-drama?

Nang hapon, si Kuya Dennis pa ang lumabas

para ibili sila ng merienda at ito pa ang nagtimpla ng kape para sa kanila na parang sila ni Aria ang boss at hindi ito.

Nang uwian na, pumunta muna sila ni Andrew sa *Megamall* para mag-grocery. Para silang may papakaining isang batalyong gutom na *Marines* sa dami ng pinamili nila.

“Mukha ba akong PG, Kuya?” biro niya nang magkatulong nilang binitbit ang mga eco bags na puno ng grocery.

“Aba, ayaw ko namang magutom ka sa ‘kin. Lagot ako kay pang mo pag umuwi ka sa weekend na nangayayat!”

“Naku, Kuya. Sa kaseksihan ko, matagal pa bago tumalab sa ‘kin ang diet!” Ikinilos niya ang kamay para tukuyin ang sarili. “Matagal bago ma-burn ng isang baby hippopotamus ang fats!”

Ewan niya kung bakit bigla siyang nakadama ng init sa sikmura nang sundan ni Andrew ng tingin ang kurba ng katawan niya eh siya naman itong nagturo sa sarili. Parang bigla niyang gustong pumunta muna ng gym dahil baka magawan pa ng paraan at pumayat nga siya bago man lang siya matapos pag-aralan ng lalaki.

Pagkatapos ay nag-iwas ito ng tingin. “Hindi ka naman mataba ah. Maganda nga ang katawan mo eh.”

“Maganda pang-weightlifting!”

Tumawa si Andrew. “Hindi! Maganda talaga. It’s perfect.”

Nalaglag ang panga ni Alie. Sandali, ano itong nangyayari? Seryoso ba ito?

Namula ang mga pisngi ni Andrew at tila naisip kung ano ang sinabi nito. “Ang ibig kong sabihin kasi maganda naman talaga. Malusog ka... healthy! Healthy ang ibig kong sabihin. Kaya maganda ang katawan mo. Hindi sa maganda kaya gusto ko ang katawan mo—” Namilog ang mga mata nito. “Gusto ko na gusto ko ‘yung hugis! Hindi sa gusto ko na *gusto* ko—”

Napalakas na ang tawa ni Alie. “Okay na, Kuya! Gets ko na!”

Tumawa ang lalaki at itinulak pataas ng ilong ang salamin niya. Sekretong kinilig si Alie at hindi niya napigilan ang ngisi.

“Teka nga. Magluluto na ako,” ani Andrew at tumango si Alie bago binalikan ang pagliligpit. Naaalala niyang mahilig makialam sa kusina si Andrew pero hindi niya alam kung marunong na itong magluto.

Pinagpag niya ang mga kamay nang maorganisa sa kitchen counters ang mga de-lata na hindi na niya maisiksik sa cabinets, bago siya lumapit kay Andrew na nakatayo na sa harapan ng kalan. Napaka-cute nito dahil may suot pa itong apron. Napaisip tuloy si Alie bigla na paano kaya kung apron lang ang suot

nito? Muntik siyang mabilaukan sa pagpipigil ng tawa. Sabi na kasing hindi si Andrew ang kailangang problemahin ng Kuya Onad niya eh.

“Ano ‘yan, Kuya?” tanong niya na sinisilip ang kawali.

“Adobo.”

Hmm...

Pinasingkit ni Alie ang mga mata at ikiniling sa kanan ang ulo. “Kapag ganitong anggulo mo tingnan, mukha nga siyang adobo.”

Binangga siya ng lalaki ng balakang nito. “Maupo ko na nga lang d’yan. Hintayin mong matapos ako. Pag natikman mo ‘to, babawiin mo lahat ng sinabi mo.”

She snickered. Pero naupo na rin siya sa counter para panoorin ang maskulado at higanteng lalaki habang nagluluto ito.

Nagpangalumbaba siya at pinagmasdan ang paggalaw ng muscles ni Andrew sa ilalim ng long-sleeve shirt nito habang hinahalo nito ang laman ng kawali. Mukhang stir-fry adobo ang ginagawa nito pero sige lang. Bibigyan niya ng pagkakataon dahil malay naman niya, masarap talaga.

Nagulat siya nang lumapit ito sa kanya na may dalang kutsara habang nakalahad sa ilalim niyon ang isang palad kung sakaling tumulo ang sarsa.

“Tikman mo.”

Nataranta na naman si Alie. Susubuan ba talaga

siya nito? Paano niya iyon titikman? Sisipsipin lang ba niya ang laman ng kutsara o susunggaban niyang parang piranha kasi may kasamang karne o! Sayang kung di niya kainin!

Sa huli, hindi na siya nakapili dahil hinipan ni Andrew ang sarsa sa kutsara bago iyon inilapit sa mga labi niya. Ang nagawa na lang niya ay sa pagitan ng sipsip at sunggab.

Ninamnam niya ang sarsa habang pinagmamasdan ni Andrew ang mukha niya, hinihintay ang reaksiyon niya. Dinaanang ni Alie ng dulo ng dila ang mga labi niya.

“Hmm! Kaunti na lang!”

“Anong kaunti na lang?”

“Kaunti na lang, mahihilig na rin sa ‘yo ang pagluluto!”

Tumawa si Andrew. “Gutumin kita d’yan eh!”

Ikaw ang titikman ko eh!

“May kulang ba?” tanong nito na bumabalik sa kawali nito.

“Wala, Kuya. Masarap na,” sabi na lang niya kahit pa hindi niya sigurado kung alin ang sinasabi niyang masarap, ang adobo ni Andrew o si Andrew mismo.

Bastos! Sorry po talaga, Lord!



Sumakit ang tiyan ni Andrew, hindi dahil sa niluto niya kundi sa katatawa habang naghahapunan sila. Matagal na siyang hindi tumawa nang ganoon

na hindi ang mga kapatid ang kasama niya. And definitely not while he was with a woman. Aliw na aliw talaga siya kay Alie.

“Alam mo, na-miss talaga kita,” bigla niyang sabi nang magkaroon ng patlang sa pagitan ng pagtawana nila.

Medyo namula ang mga pisngi ni Alie pero hinataw siya nito sa braso na alam niya eh normal nang reaksiyon ng babae. “Na-miss din kita, Kuya! Ang totoo naman kasi, sa lahat ng mga kababata ko, ikaw ‘yung hindi ako nailang kahit maiwan akong mag-isa kasama mo.”

For some reason, the simple declaration pleased him. Pakiramdam ni Andrew, biglang ang special niya. Sa lahat din naman kasi ng mga kapatid ni Onad, si Alie rin ang paborito niya.

Napaka-cute nitong bata noon at laging bitbit ng kuya nito kahit saan sila pumunta. Game din naman kasi si Alie. Wala itong arte at walang ere. And she had grown up into an amazing, admirable, beautiful young woman.

She had always been pretty to him, with her bright eyes, her infectious happy smile, and a positive attitude. Pero ngayon lang niya napansin na pinanonood pala niya ito at na hindi lang ang mga iyon ang ikinaganda ni Alie.

Maganda talaga ito. Physically.

At medyo kinabahan siya roon dahil kung may

madama siyang higit pa sa nadarama ng isang mabait at maalagang kuya para sa nakababata niyang kapatid, baka tuluyan na siyang turukan ng tranquilizer ng kabayo ni Tito Rogelio saka siya nito kapunin habang wala siyang malay.

“Ako na’ng magliligpit, Kuya,” sabi ni Alie saka sinimulang isalansan ang mga pinggan nila.

“Huwag na. Ako na.”

“Hindi na! Ikaw na ang nagluto. Ako ang maghuhugas. Saka hindi naman ako bisita. Kailangang tutulong din ako sa gawaing-bahay.” Nagtungo ito sa lababo. “Naglalaba ka ba? Gusto mong ipaglaba kita?”

“Ha? Hindi! Nagpapa-laundry ako o kaya inuuwi ko kay Ate Lisa sa Bulacan,” banggit niya sa labandera nila roon. “Huwag mo nang problemahin ‘yun. Kahit ‘yung kuwarto mo na lang ang isipin mo kung ayaw mong papasukin d’un ‘yung cleaning service ng building.”

“Ay, wow, sosyal! May cleaning service pala.”

Napangiwi si Andrew. “Hindi naman ako marumi sa bahay pero siyempre, kung gusto kong malinis talaga, nagpapalinis ako.”

Tumawa si Alie at muli siyang nilingon habang sinasabon na ang mga pinggan. “Uy, ito naman. Wala naman akong ibig sabihin d’un. Pero madali lang namang maglinis. Kahit ako na lang ang maglinis dito.”

Mabilis siyang umiling. “Hindi na. Hayaan mo na ‘yung cleaning service.”

“Hindi na, Kuya. Ako na talaga. Gaano kadalas ka magpalinis?”

“Once a week?”

Tumango si Alie at muling binalingan ang mga platong hinuhugasan. “Magpalinis ka na lang nang mga once a month ngayon para general cleaning. Pero kung walis, lampaso at punas-punas lang naman ng mga iba-ibabaw, ako na bahala d’un.”

“Alie, hindi ka katulong dito.”

“Oo naman, Kuya. Pero dito rin naman ako nakatira. Saka gan’un din naman ang gawain ko sa bahay. Huwag kang mag-alala. Okay lang talaga.”

Bumuntong-hininga na lang si Andrew. “Sige na nga. Pero huwag kang magpapakapagod ah. ‘Yung simpleng linis lang. Ayokong makitang nagkukuskos ka na lang bigla ng tiles sa banyo. Hayaan mo na ‘yung service ang gumawa n’un.”

“Okay!” masayahin itong saad.

Nang matapos maghugas ng pinggan, pumasok sila sa kani-kanilang silid. Doon sa sarili niyang banyo nag-shower at nag-toothbrush si Andrew, bago siya muling lumabas para kumuha ng tubig. Naabutan niyang pabalik na si Alie sa silid nito mula sa banyo. Basa na ang buhok ng babae at nakasuot na ito ng pantulog. Nakasampay sa isa nitong braso ang isang tuwalya. Ngumiti ito sa kanya.

“Good night na, Kuya!”

Ngumiti si Andrew. And for some reason, tumungo siya at hinalikan ang babae sa noo gaya ng ginawa niya noong 18th birthday nito kung kelan niya ito una at huling hinalikan.

Nang mag-angat siya ng ulo, nakatingala si Alie sa kanya, nakaawang ang mga labi, halatang ikinagulat din ang ginawa niya. Para pagtakpan ang pagkahiya, ginulo niya ang buhok nito in a friendly, brotherly gesture.

“Good night, Alie,” sabi niya bago siya nagmamadaling dumerecho sa kusina.